PASINTABI
Lyrics By Vim Nadera
Music by Paul V. Pena

KORO 1:
Tabi, tabi po
Nuno sa punso
Akin nang suno
Ang inyong puno.

Hintay na ako
Ng magtrotrosong
May libong piso
Kada putol ko.

Makakakain
Na rin ang supling
Na masasaktin
Kakakaingin.

Kahit may mina,
O plantasyon pa,
Di na uubra
Ang ibang obra.

Maestra pala
Ang bagyong Thelma.
Nagturo siya
Ng alaala.

Lalo nang kunin
Niya ang aking
Anak na anim
Sa bahang taksil.

Nabuhay akong
Nagkukuwento
Ng natukyan ko
Sa inyong multo!

KORO 2:
Tabi, tabi po
Nuno sa punso.
Akin nang puno
Ang inyong puno.